## Makisapi sa amin

### *Magkasama, tayo ay mas malakas*

**Paano makikisapi**

T: 03 9654 0622
W: www.csmc.org.au/membership
E: csmc@csmc.org.au

**Ang pagkakasapi ay libre para sa mga solong ina**
Ang mga miyembro ay tatanggap ng aming pahayagang palihan (newsletter) dalawang beses bawat taon at mga email na patalastas para manatiling sunod sa panahon sa:

- Mga kuwento ng mga solong inang pamilya
- Mga serbisyo at kung saan makakakuha ng tulong
- Mga pagbabago sa mga batas na maaaring kailangan mong malaman
- Panlipunan, pananaliksik at media na mga pagkakataon

Malugod na tatanggaping magboluntaryo ang mga solong ina. Maaari kang magsulat, bumoto sa mga halalan ng Lupon at magbahagi ng iyong mga palagay sa Facebook.

**Nakakatulong na mga tao at mga organisasyon**
May maliit na bayad para sa pagkakasapi ng mga nakakatulong na mga tao at mga organisasyon.

Ang pagkakasapi ay magbibigay ng walang katulad na pagkakataong manatiling nakasusubaybay sa mga isyu ng solong ina at magpakita ng iyong suporta para sa trabahong ginagawa namin.

**Kontakin kami:**
T: 03 9654 0327 | F: 03 9654 0328
Queen Victoria Women's Centre
Level 1, 210 Lonsdale St, Melbourne 3000

## Linyang Pangsuporta 03 9654 0622

**Lunes hanggang Biyernes 9.30nu – 3.00nh**

**Sa labas ng Melbourne**
**(para sa gastos ng tawag na lokal)**
**1300 552 511**

**May serbisyo ng tagapagsalin sa telepono**

**Email: csmc@csmc.org.au**
**Bumisita sa: www.csmc.org.au**

## Magbigay ng donasyon para suportahan ang aming gawain

www.csmc.org.au/donate
Direktang deposito: BSB 083 266 / Ac. # 113 845 915
Para humiling ng resibo: finance@csmc.org.au

**Mga donasyon na $2 o higit pa ay naibabawas sa buwis**
Pakisuyong pag-isipan ang regular na pagbigay ng donasyon o pamana

ABN: 28 796 387 679 | ARN: A0014618W

TAGALOG

council of single mothers and their children



*Magkasamang lumilikha ng mga mas mabubuting buhay*

## Kami ay naririto para sa mga solong ina

Ang CSMC ay isang dalubhasang samahan na pinamamahalaan ng mga solong ina para sa mga solong ina

Maaari kang tumawag o mag-email sa amin para sa suporta, impormasyon o mga pagsasangguni (referrals). Makikinig kami, at magbibigay ng tulong ukol sa:

- Pagmamagulang na solo
- Karahasan sa pamilya, pag-alis sa tahanan at muling paninirahan
- Pagiging matagumpay sa pamamagitan ng pag-aayos (mediation), mga pag-aareglo ukol sa pag-alaga, at ibang mga usapin ng pampamilyang batas (Family Law)
- Pagpapabahay
- Pamamahala ng mga bagay na may kinalaman sa pananalapi at pagkuha ng pang-emerhensyang tulong
- Pampaaralang gastos at mga problema sa mga paaralan
- Pagiging solong ina
- Suporta ng Centrelink
- Tulong sa paghanda para sa trabaho at paghanap ng trabaho
- Pagbalanse ng trabaho at pag-aral sa pagmamagulang
- Pag-alaga ng iyong sarili at ng iyong mga anak
- Pakikipagkilala sa ibang mga solong ina na pamilya



## Kontakin kami

**Telepono:** 03 9654 0622 o 1300 552 511
Lunes hanggang Biyernes 9.30nu – 3.00nh
para sa suporta, impormasyon o mga pagsasangguni.

**Online:** Makakita ng impormasyong sadyang para sa mga pangangailangan ng mga solong ina sa Australya www.csmc.org.au

**Email:** Magtanong sa amin tungkol sa anumang bagay csmc@csmc.org.au

**Facebook:** Makisapi sa isang masiglang komunidad ng mga solong nanay www.facebook.com/councilofsinglemothers

**Twitter:** Sundan kami sa twitter.com/CSMCVIC

**Talaan ng share house(bahay na pinauupahan ang mga silid):** Mag-aplay upang makisapi sa grupong ito na may pirmihang bilang na kasapi sa Facebook at makakita ng share na pagpapabahay o mga kasambahay (housemates)

## Mga pangserbisyong manggagawa



### *Makibahagi, matuto at sumangguni*

Ang CSMC ay nagtatrabaho na katulong ng isang grupo ng mga serbisyo at masisiyahan kaming magsangguni at tumanggap ng mga pagsasangguni. Paki-gamit ang mga pangkontak na detalye sa itaas.

Kontakin kami kung ikaw ay desididong magkaroon ng relasyon upang makatulong sa mga solong ina na katrabaho mo. Makakapagbigay din kami ng masaklaw na mga impormasyon tungkol sa mga problemang hinaharap ng maraming solong inang mga pamilya.

## Mga solong ina sa Australya

Ang mga solong ina ay may iba-ibang karanasan, mga pinansyal na kalagayan, mga pagsasaayos ukol sa pamilya at sa trabaho. Nanggaling kami buhat sa maraming kultural na pinagmulan. Magkapareho tayo sa ating hangaring gumawa nang pinakamagaling para sa ating mga anak at magkaroon ng mga pagkakataong lumikha ng mga positibong hinaharap.



## Tungkol sa CSMC

Sinimulan kami noong 1969 ng mga solong ina sa Victoria upang magpasok ng mga pagbabago para sa mga kababaihan na mag-isang napapalaki ng mga anak. Ang pagtataguyod ay napakahalaga pa ring bahagi ng aming trabaho. Ipinagtatanggol naminang mga tinig at mga pangangailangan ng mga solong ina at ng kanilang mga anak.

## Ang nais namin

- Siguradong kita para sa lahat ng mga solong inang pamilya
- Maaaring baguhing trabaho o pag-aaral
- Makakaya at ligtas na pagpapabahay
- Pantay na pakikitungo sa mga usaping ukol sa Pampamilyang Batas
- Suporta para sa aming pagmamagulang, kalusugan at kagalingan at katapusan sa pagpapakita ng pagkiling laban sa iba
- Makatwirang pagkakataon para sa aming mga anak